
## Mga Dayuhang Kasambahay (mga FDH) — Mga DAPAT GAWIN...

### Sa ilalim ng mga batas ng Hong Kong at ang Pamantayang Kontrata ng Empleyo (SEC), may karapatan kayo sa

- Hindi bababa sa isang araw ng pahinga sa bawat yugto ng pitong araw, mga araw ng pamamahinga ayon sa batas at may bayad na taunang bakasyon. Hindi kayo mapipilit ng mga taga-empleyo na magtrabaho o gumawa ng anumang anyo ng pagbabayad sa inyo kapalit ng pagkakaloob ng araw ng pamamahinga ayon sa batas.
- Mga sahod tulad ng natukoy sa SEC at babayaran nang hindi lalampas ng 7 araw pagkatapos ng yugto ng sahuran o ang petsa ng pagtatapos ng SEC. Ang sahod batay sa kontrata ay dapat hindi bababa sa namamayaning Pinakamababang Pinahihintulutang Sahod (Minimum Allowable Wage) noong nilagdaan ang SEC.
- Libreng pagkain (o sa halip ayuda sa pagkain), libreng akomodasyon na may makatwirang pagkapribado sa tirahan ng employer, libreng pagpapagamot at libreng pasahe pabalik sa inyong tahanang-bansa sa pagkayari o pagwawakas ng inyong kontrata.




### Kapag nakikitungo sa mga Ahensiya ng Empleyo (EA), dapat ninyong

- Tiyakin na ang EA ay may balidong lisensiya ng EA na ipinagkaloob ng Pamahalaan ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong (HKSAR). Hilingan ang kawani na ipakita sa inyo ang lisensiya ng ahensiya o tingnan online kung may lisensiya ang EA.
- Tiyakin na nauunawaan ninyo ang nilalaman ng inyong SEC at saklaw ng serbisyo bago lumagda para sa kumpirmasyon. Itago ang orihinal na kopya ng inyong nilagdaang kontrata ng empleyo.
- Bayaran lamang ang iniatas na komisyon (ang pinakamataas nito ay 10% ng inyong sahod sa unang buwan) sa EA pagkatapos lamang na tinanggap ninyo ang unang buwang sahod. Tiyakin na humingi ng resibo mula sa EA para sa anumang kabayaran na ginawa sa lalong madaling panahon na magagawa.
- Itago ang inyong personal na mga dokumento ngpagkikilanlan (hal. ID card ng Hong Kong at pasaporte)at mga ari-arian (hal. mga card ng bangko). Walang sinumang tao, kasama ang inyong employer o kawani ng EA, ang dapat humiling sa inyo na ipasa sa kanila ang mga dokumentong ito at itago ang mga ito para sa inyo.

### Kapag ang inyong mga karapatan ay nilabag, dapat kayong

- Tumawag kaagad sa emergency hotline ng pulis sa telepono bilang "999" upang humingi ngtulong kapag kayo ay pisikal na inabuso o ang inyong personal na kaligtasan ay nasa panganib.
- Tumawag sa 24-oras na enquiry hotline ng Kagawaran ng Paggawa sa telepono bilang "2717 1771" o lapitan ang angkop na tanggapang sangay ng Dibisyon ng mga Ugnayan sa Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa para sa magtanong at humingi tulong kapag kayo ay hindi binayaran ng inyong mga sahod o anuman sa inyong karapatan sa empleyo ay nilabag.




## Mga Dayuhang Kasambahay (mga FDH) — Mga HINDI DAPAT GAWIN ...




### Sa panahon ng pamamarati ng empleyo, kayo

- Ay hindi pinahihintulutang kumuha ng anumang empleyo sa sinumang tao maliban pa sa inyong employer, o tumira sa isang tinitirhan maliban pa sa tinukoy sa SEC.
- Ay dapat huwag lumagda para sa anumang pahayag ng sahod o resibo bago ninyo tanggapin ang inyong mga sahod.

### Kapag nakikitungo sa isang EA, kayo

- Ay hindi dapat magbayad sa EA maliban sa iniatas na komisyon, anumang mga gastos o bayarin tulad ng bayarin sa pagpapatala, bayarin sa reserbasyon at bayarin sa pagpapapotokopya.
- Ay dapat huwag bayaran ang EA sa pamamagitan ng ikatlong partido o pangungutang ng pera mula sa anumang mga kumpanya ng mga serbisyo sa pananalapi, kahit na hiniling o iminungkahi ng EA.




### Sa lahat ng panahon, kayo

- Ay dapat huwag lumagda ng anumang dokumento, kasunduan o kontrata sa sinumang tao o samahan (ksama ang inyong employer o EA) kung hindi ninyo nauunawaan ang mga pagtatakda o kung hindi kayo tiyak sa kung ano ang ibig nilang sabihin.
- Ay dapat huwag magbigay ng anumang maling impormasyon (kasama ang inyong mga sahod at tinitirhan sa empleyo) sa inyong SEC o kayo ay mananagot sa kriminal na paglabag sa paggawa nito.




## Mga Pagtatanong



Para sa karagdagang impormasyon, maaaring idulog ang mga tanong sa mga nararapat na kagawaran o bisitahin ang mga website sa ibaba:

| Mga Kagawaran | Mga Saklaw | Mga Hotline | Mga Website |
|---|---|---|---|
| Kagawaran ng Paggawa | Rightsof and labour legislation on FDHs Mga karapatan at batas sa paggawa ng mga FDH | 2717 1771 (ang hotline ay tinatanganan ng "1823") | www.fdh.labour.gov.hk |
| | Mga lisensiya ng EA at iniatas na komisyon | 2115 3667 | www.eaa.labour.gov.hk |
| Kagawaran ng Pangingibang-bayan | Visa ng FDH | 2824 6111 | www.immd.gov.hk/eng/services/visas/foreign_domestic_helpers.html |
| Kagawaran ng Adwana at Buwis na Kinakaltas | Mali at nakakalinlang na impormasyon may kaugnayan sa mga serbisyo na ibinibigay ng mga EA | 2815 7711 | www.customs.gov.hk |
| Konseho ng Mamimili | Kalidad ng Serbisyo na ibinibigay ng mga EA | 2929 2222 | www.consumer.org.hk |
| Puwersang Pulisya ng Hong Kong | Para sa mga kagipitan | 999 | |

勞工處
Labour Department

Sunny Grass Comics Production

8/2018

勞工處
Labour Department

# Mga dayuhang kasambahay, employer at pati ahensiya ng empleyo ay dapat basahing mabuti ang polyetong ito

## Para sa inyong proteksiyon: Mga Dapat Gawin at Hindi Dapat Gawin



Ang polyetong ito ay naglalayong magbigay ng mabilis na sanggunian hinggil sa mga karapatan at pananagutan ng mga dayuhang kasambahay, employer at ahensiya ng empleyo na may kaugnayan sa empleyo ng mga dayuhang kasambahay. Para sa mga detalye ng mga kondisyon ng empleyo at legal na probisyon, dapat sumangguni ang mga dayuhang kasambahay, employer at ahensiya ng empleyo sa pamantayang kontrata ng empleyo (ID 407), at ang Ordinansa ng Empleyo. Ang Ordinansa ng Empleyo ay nananatiling ang natatanging awtoridad para sa mga probisyon na itinakda sa polyetong ito, habang ang nananatili sa Hukuman ang awtoridad ng interpretasyon.

Tagalog Version 菲律賓文版本

## Mga employer ng mga FDH — Mga DAPAT GAWIN...

### Sa ilalim ng mga batas ng Hong Kong at Pamantayang Kontrata ng Empleyo (SEC), dapat ninyong


- Bayaran ang inyong FDH sa tamang oras at buo ayon sa sahod na tinukoy sa SEC. Ang presyo ng kontrata ay dapat hindi bababa sa namamayaning Pinakamababang Pinahihintulutang Sahod noong nilagdaan ang SEC.
- Sumang-ayon sa inyong FDH kung may libreng pagkain ang ilalaan sa panahon ng empleyo at tukuyin ang gayong kasunduan sa SEC. Kung hindi, isang ayuda sa pagkain na may halaga nang hindi bababa sa namamayaning presyo noong nilagdaan ang SEC ang dapat ibigay sa FDH bawat buwan.




- Paglaanan ang inyong FDH ng hindi bababa sa isang araw ng pahinga sa bawat yugto ng pitong araw.
- Ayusin sa inyong FDH na gamitin ang mga araw ng pamamahinga ayon sa batas (12 araw bawat taon), walang kinalaman sa kanyang haba ng paglilingkod. Kung ang inyong FDH ay naempleyo sa yugto ng tatlong buwan, siya ay karapat-dapat para sa may bayad na araw ng pamamahinga ayon sa batas.



- Paglaanan ang inyong FDH ng angkop na akomodasyon na may makatwirang pagkapribado sa inyong tinitirhan.
- Isauli sa inyong FDH ang halaga ng pagkuha ng lahat ng kinakailangang mga dokumento tulad ng mga bayarin sa pagsusuring medikal, pagpapatunay ng nararapat na Konsulado, visa, insurance o mga bayarin tulad ng bayarin ng Philippines Overseas Employment Administration o ibang mga bayarin na katulad na ipinapataw ng nararapat na mga awtoridad ng pamahalaan.



## Mga Ahensiya ng Empleyo (mga EA)



### Mga DAPAT GAWIN...

Ang mga EAs ay kinakailangang sumunod sa "Alituntunin o Kodigo ng Kasanayan ng mga Ahensya ng Empleyo(EA)" sa lahat ng oras.




**Kapag nakikitungo sa mga employer, ang may lisensiya at kawani ng EA ay dapat**

- Magbigay ng tamang impormasyon at wastong payo sa mga employer at ipaliwanag sa mga employer ang mga probisyon ng nararapat na mga batas (kasama ang Ordinansa ng Empleyo, Ordinansa ng Kabayaran ng mga Empleyado at Ordinansa ng Pangingibang-bayan), at ang Pamantayang Kontrata ng Empleyo (SEC) (kasama ang Pinakamababang Pinahihintulutang Sahod [Minimum Allowable Wage], mga araw ng pahinga, mga araw ng pamamahinga na ayon sa batas, taunang bakasyon, ayuda sa pagkakasakit at bayad sa sahod).
- Bago magbigay ng anumang serbisyo para sa mga employer, malinaw na ipaliwanag sa mga employer ang saklaw ng serbisyo ng ahensiya, ang iskema ng paniningil, yugto ng garantiya, polisiya sa pagsasauli, atbp. at pumasok sa nakasulat na kasunduan ng serbisyo sa kanila. Kapag nakilala ang isang karapat-dapat na kandidato, ang impormasyon tungkol sa FDH, ang inaasahang petsa ng pag-ulat sa trabaho pati ang mga kaayusan sa mga kaso na ang FDH ay hindi makaulat sa trabaho tulad ng pinagkasunduan o sa kaso na humiling ang mga employer ng isang kapalit ay malinaw na naisa-isang isinulat. Kapwa employer at EA ay dapat magkaroon ng kopya ng kasunduan sa serbisyo ng ahensiya, pati mga detalye ng kinilalang FDH na nilagdaan kapwa ng mga partido para sa talaan.
- Paalalahanan ang mga employer isaalang-alang ang pagkuha ng isang komprehensibong polisiya sa seguro ng FDH upang saklawin ang posibleng mga gastusing medikal na babayaran ng mga employer sa ilalim ng sugnay 9(a) ng SEC at sang-ayon sa Ordinansa ng Kabayaran ng mga Empleyado.
- Mag-isyu ng mga resibo sa mga employer para sa anumang mga kabayaran na ginawa at itago ang mga kopya ng resibo para sa talaan.
- Himukin ang mga employer na payagan ang kanilang mga FDH na dumalo sa mga pagtatagubilin, lalo na yaong mga may kinalaman sa mga karapatan ng mga FDH, na inorganisa ng mga Konsulado-Heneral ng kanilang mga bansa at Pamahalaan ng HKSAR.

**Kapag nakikitungo sa mga FDH, ang may lisensiya at kawani ng EA ay dapat**

- Magtago ng mga tala ng pagkakapasok sa trabaho. Mag-isyu ng mga resibo sa mga FDH para sa anumang mga pagbabayad na ginawa sa lalong madaling panahon na magagawa at itago ang kopya ng mga resibo bilang bahagi ng talaan ng pagkakapasok sa trabaho.
- Malinaw na ipaliwanag sa mga FDH ang kanilang mga karapatan at proteksiyon ayon sa batas pati mga paraan para sa paghahanap ng remedyo habang nagtatrabaho sa HK. Gabayan/Payuhan ang mga FDH na kumuha ng tulong mula sa mga nararapat na kagawaran ng pamahalaan, lalo na kapag pinaghihinalaan nila na sila ay pinagsasamantalahan, o mababang sinasahuran, hindi pinagkakalooban ng mga araw ng pahinga o araw ng pamamahinga, atbp.






**Para sa mga usapin na may kaugnayan sa lisensiya ng EA, ang may lisensiya ay dapat**

- Malinaw na magpakita ng balidong lisensiya ng EA at Ikalawang Iskedyul sa Pangangasiwa ng Ahensiya sa Empleyo [Second Schedule to the Employment Agency Regulations] (hal. ang pinakamataas na komisyon na maaaring singilin ng isang EA sa isang naghahanap ng trabaho) sa isang kapansin-pansing lugar sa lugar ng negosyo ng EA.
- Magsumite ng aplikasyon kasama ang lahat ng mga sumusuportang dokumento na kinakailangan para sa pagpapanibago ng umiiral na lisensiya ng EA nang hindi bababa sa 2 buwan bago mawalan ng bisa ito. Kung hindi ang lisensiya ay maaaring hindi mapanibago ng nasa oras.
- Magbigay ng tumpak at napapanahong impormasyon sa Kagawaran ng Paggawa (LD) para sa aplikasyon ng lisensiya, at abisuhan ang LD sa sumusunod na mga pagbabago nang nakasulat sa loob ng panahong nakatakda ayon sa batas: (i) sa loob ng 14 araw pagkatapos ng pagbabago sa pangasiwaan; (ii) hindi bababa sa 14 araw bago ang pagbabago sa lugar ng negosyo; at (iii) sa loob ng pitong araw pagkatapos ng pagtigil ng negosyo.

## Mga Ahensiya ng Empleyo (mga EA)



### Mga HINDI DAPAT GAWIN ...

**Kapag nakikitungo sa mga employer, ang may lisensiya at kawani ng EA**

- Ay hindi pinapahintulutang hilingan o sulsulan ang mga employer na gumawa ng mga labag sa batas na pagkakaltas sa mga sahod mula sa mga FDH para sa pagbabayad ng isang utang o pagbabayad ng komisyon/mga bayarin sa namamagitan/pagsasanay, o hindi pagkakaloob sa kanila ng mga araw ng pahinga o mga araw ng pamamahinga ayon sa batas.
- Ay hindi pinapahintulutang makipagsabwatan sa iba upang gumawa ng mga kasinungalingan (may kinalaman sa mga sahod, kaayusan sa akomodasyon atbp.) na isang kasalanan sa batas sa ilalim ng Ordinansa ng Pangingibang-bayan, kapag nag-aapply ng visa para sa mga FDH.
- Ay hindi pinapahintulutang payuhan ang mga employer na ipasa nila ang pananagutan sa FDH sa pagbabayad ng mga nararapat na bayarin at gastusin na ipinataw ng nararapat na mga pamahalaan at/o mga samahan ng tahanang bansa ng huli bago sila makapagtrabaho sa Hong Kong.
- Ay hindi pinapahintulutang magbigay ng mali at nakakalinlang na impormasyon hinggil sa mga FDH sa mga employer.






**Kapag nakikitungo sa mga FDH, ang may lisensiya at kawani ng EA**

- Ay hindi pinahihintulutang maningil sa FDH ng komisyon nang hihigit sa 10% ng sahod sa unang buwan ng FDH.
- Ay hindi pinahihintulutang itago ang mga personal na ari-arian ng isang FDH kasama ang pasaporte, ID card, mga ATM card ng bangko, kontrata sa empleyo, mga publikasyon at polyeto na ipinamahagi ng pamahalaan / nararapat na Konsulado Heneral, atbp.
- Ay hindi pinahihintulutang tumanggap ng anumang mga gastusin o bayarin / mga sinisingil, kasama ngunit hindi limitado sa mga bayarin sa pagpapapotokopya, pagpapatala, pagkuha ng larawan at mga bayarin sa reserbasyon mula sa mga FDH maliban sa iniatas na komisyon, o tumanggap ng komisyon bago matanggap ng mga FDH ang mga sahod sa unang buwan; dapat hindi makisangkot sa mga pinansiyal na usapin ng mga FDH o isaayos kasama ang mga FDH na mangutang.
- Ay hindi pinahihintulutang tulungan o sulsulan ang mga FDH na suwayin ang anumang batas.
- Ay hindi pinahihintulutang himukin o hikayatin ang mga FDH na wakasan nang maaga ang kontrata ng empleyo.




**Para sa mga usapin na may kaugnayan sa lisensiya ng EA, ang may lisensiya ay**

- Dapat hindi magpahiram, maglipat o magtalaga ng kanyang lisensiya sa ibang tao.
- Ay hindi pinapahintulutan na magsagawa ng negosyo ng EA sa anumang ibang lugar maliban sa lisensiyadong tirahan.
- Ay hindi pinahihintulutan na magsagawa ng negosyo ng EA bago pagkalooban ng isang lisensiya, o bago mapanibago ang lisensiya pagkatapos na mawalan ng bisa ang umiiral na lisensiya.




## Mga employer ng mga FDH



### Mga DAPAT GAWIN...

**Sa panahon ng pamamarati ng empleyo ng FDH, kayo ay pinapayuhan na**

- Itago ang mga nakasulat na talaan na nilagdaan ng kapwa partido para sa anumang bakasyon, mga sahod, tiket sa eroplano atbp. na ipinagkaloob/binayaran sa inyong FDH.
- Bilhan ng tiket sa eroplano para sa inyong FDH tungo at mula sa kanyang lugar na pinagmulan sa sandaling magsimula at magwakas / mawalan ng bisa ang SEC.
- Kuhanan ang inyong FDH na nasa empleyo ninyo ng isang komprehensibong insurance policy ng FDH na sumasaklaw sa medical insurance at kabayaran ng mga empleyado tulad ng kinakailangan sa ilalim ng SEC at Ordinansa ng Kabayaran ng mga Empleyado.
- Ipaliwanag sa inyong FDH ang mga tungkulin, at kung kinakailangan at kung saan magagawa, ipakita.
- Sumang-ayon sa inyong FDH sa mga kaayusan sa trabaho at bigyan ang inyong FDH ng angkop na panahon ng pahinga.







- Panatilihin ang mabuting usapan at matiwasay na relasyon at pagkandili sa pag-unawa sa isa't-isa at paggalang sa inyong FDH.

**Kapag nakikitungo sa isang ahensiya ng empleyo (EA), kayo ay pinapayuhang**

- Maghanap ng serbisyo mula sa EA na lisensiyado, at alamin sa mga miyembro ng inyong pamilya at kaibigan hinggil sa pamantayan ng serbisyo at reputasyon ng EA.
- Pangalagaan ang sarili sa pagsang-ayon sa EA sa mga detalye ng serbisyo ng ahensiya bago ang pagbabayad, kasama ang saklaw ng serbisyo, naisa-isang mga bayarin, polisiya ng pagsasauli o pagpapalit ng FDH, at paglagda sa isang nakasulat na kasunduan ng serbisyo. Kung mayroong angkop na kandidato, ang impormasyon tungkol sa FDH, inaasahang petsa ng pag-ulat para magtrabaho atbp. ay dapat malinaw na nakasaad sa kasunduan.
- Magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Adwana at Kinakaltas na Buwis o sa Konseho ng Mamimili kung itinuturing ninyo na gumamit ang EA ng isang hindi patas na kasanayan sa trabaho na ipinagbabawal sa ilalim ng Ordinansa ng mga Paglalarawan ng Trabaho, o kung nais ninyong humingi ng tulong sa pagresolba ng di pagkakasundo sa EA.
- Kumonsulta sa Kagawaran ng Paggawa sa mga isyu sa paggawa o humingi ng tulong mula sa mga nararapat na awtoridad kung kinakailangan.



## Mga employer ng mga FDH



### Mga HINDI DAPAT GAWIN ...



**Sa lahat ng panahon, kayo ay**

- dapat hindi magkaltas sa mga sahod ng inyong FDH para sa pagbabayad sa komisyon o mga bayarin sa pagsasanay na sinisingil ng EA at mga tao/institusyon sa FDH o utang na tinamo ng FDH.





- dapat huwag resolbahin ang anumang di pagkakasundo sa inyong FDH sa pamamagitan ng mga gawaing labag sa batas.





- dapat huwag itago ang mga personal na ari-arian ng inyong FDH (hal. kanyang pasaporte/ID, ATM card, kontrata sa empleyo, pati mga publikasyon at polyeto na ipinamahagi ng Pamahalaan para sa mga FDH). Kung hindi, maaari kayong gumawa ng isang kasalanan sa batas.



- dapat huwag umupa ng mga bisita bilang mga kasambahay, humiling sa mga FDH ng ibang mga tao upang maging part-time o full-time na kasambahay, o utusan ang inyong FDH na gumanap ng mga tungkuling walang kinalaman sa paglilinis ng bahay o ibang mga tungkulin maliban sa isa na tinukoy sa SEC. Maaari itong maging kasalanan sa batas sa ilalim ng Ordinansa ng Pangingibang-bayan.

